KAYO PO BA ANG HARI NG KAGUBATAN?

BERSYON NA PANG-BIGKAS
para sa 9 na katao

Ang Istorya na ito ay mayroong bersyon sa VIDEO CARTOON (tagalog at ingles)

Ni Penny Reyes-Velasco
Salin sa Pilipino ni Rene B. Javellana, S.J.

BATA: Kayo po ba ang hari ng kagubatan?

Hindi ako ang hari, kundi abang KABUTI lamang.

Pagkain ko ang nabubulok na balat ng puno
Na nakalatag sa kagubatan.
Kapag busog na ako, pinapakain ko ang mga puno
Upang lumaki silang may katatagan

Kahit na ako ay paslit,
Ang pinakamainam ang binibigay ko sa kanila ---- Pinakamalinis na tubig, at pinakasariwang hangin
Nang sila'y mapalaki, sa abot ng aking makakaya.

BATA: Kayo po ba ang hari ng kagubatan?

Hindi ako ang hari, kundi isang SALAGINTO.
Lipad dito, lipad doon, kahit saan napapadpad sa paghahanap-buhay
buong araw,
Dala-dala ang mga hiyas sa aking likod
Habang ngumunguya ng mga dahong ligaw.

TAGAPAGSALAYSAY

Ngunit bago makalipad at makapagtago ang salaginto,
Biglang may pumilantik na dilang malagkit.
Nawala ang salaginto sa isang kisapmatang
Maikli pa sa isang saglit.

BATA: Kayo po ba ang hari ng kagubatan?

Hindi ako ang hari, kundi isang PALAKA.
Gamit ang mahahabang mga paa,
Patalun-talon ako
Habang ako'y naghahanap ng mga
Umuugong na langaw.

Subalit ang talagang gusto ko'y
Malinamnam na salaginto;
Buti nalang at sa aking harapan
Mayroong dumalaw

Mula sa mga dahon, nakarinig ako ng gutom na sitsit ng ahas.
Kaya sambit ko, "ingat ka palaka, balat mo'y tiyak na makikita."

Biglang lumitaw nga ang ahas,
nakabuka ang bunganga.
Sabi ko sa palaka, "dito ka magtago!
Dali, talon, palaka!"

BATA: Kayo po ba ang hari ng kagubatan?

Hindi ako ang hari, kundi isang AHAS.

Hindi totoo ang akalang ako ay masama raw.
Kung kailangan lang, saka ako umiinom at tumutuklaw.
Sapagkat maliit ang ipin ko,
hindi ako ngumunguya,
Kaya't paborito kong pagkain ay maliliit na palaka.

BATA:

Parang tubig na gumapang ang ahas,
namamaalam sa akin.
Ngunit bago siya umalis sinabi niyang sa agila
siya'y matakutin.
Tumingala siya't tumanaw sa itaas ng mga
puno
Hanggang sa mga ulap sa langit
Nang bigla siyang hinablot ng mga paa ng
isang ibong mandaragit!.
Kayo po ba ang hari ng kagubatan?

Hindi ako ang hari, kundi isang AGILA.
Pumapagaspas ang malalapad kong bagwis.
Sa bughaw na tahanang langit,
ako'y humahagibis.
Naghahanap ako ng maraming pagkain
Pagkat hindi lang ang sarili ko
ang aking pakakainin.

Umuuwi ako sa gubat sa punong aking
kinagigiliwan.
Doon kasi naghihintay ang aking mga inakay.
Itong ahas na nadagit ko't aking dala-dala,
Pagsasaluhan namin sa puno ng mga inakay
ko't asawa.

BATA: Kayo po ba ang hari ng kagubatan?

Hindi ako ang hari, kundi isang MURANG PUNO.
Iisang pamilya ng ibon ang sumisilong sa aking
mga dahon.
Ngunit kung hahayaan mo akong lumaki nang
tatlumpu o higit pang mga taon,
Di mabilang na hayop ang sa aki'y iyong
matatagpuan – kung ako'y pababayaang
sumigla at magkagulang.

Pataas nang pataas, uunat ang aking mga
sanga.
Mga katabi'y makakadaupang-dahon
Upang humabi ng matibay na bubong.
Samantala, sa sahig ng gubat mga ugat ko'y
gagapang, palayo nang palayo, na hindi
namamalayan.

BATA: Kayo po ba ang hari ng kagubatan?

Noong unang panahon, naging hari ako ng mundo. Ngunit naging masamang hari ako. Ang tawag sa akin ay TAO.

Sa pagtatanim ko, nagpunla ako ng makakain
ng maraming tao.
Ngunit ang mga puno sa kabundukan
ay pinutol at sinunog ko.
Hindi nagtagal, wala nang sumibol sa lupa.
Wala na roong matagpuan, kahit kabuti man
lang.

Para makaipon ng kahoy, angaw-angaw
na puno ang pinutol ko.
Hanggang sa halos wala nang natira sa gubat
kundi ako.
Lumuha ako nang nakita ko ang aking
kamalian
At ang pagmamalupit ko sa lupa'y
pinagsisisihan ko nang lubusan.

Ako'y nagtanim: bawat buto ay kapalit ng isang
punong patay.
Dito sumibol ang mga murang punong taglay
ang bagong buhay.
Ito na ngayon ang mga punong iyong
nasisilayan.
Pakiusap ko'y huwag nyo silang saktan; sila'y
iyong hayaan.

Hari ako noon nang matagal na
matagal na panahon.
Ngunit ngayon, hindi na ako hari.
Ang tunay na hari ng kagubatan,
tiyak kong iyong matatagpuan –
Mabait siya at banayad at puno ng
karunungan.

BATA: Kayo po ba ang hari ng kagubatan?

Kung lalapit ka sa akin, ang sagot ay iyong matutuklasan. Ako'y PUTOL NA TROSO, matanda pa sa kabundukan.

Noong unang panahong nabubuhay pa ang
matatandang puno,
Ako ang pinakamataas sa lahat, at sa akin
lahat ay nakasalig.
Sabi nila sa akin, ako raw ay haring walang
trono.
Ngayon ikaw nga'y nagpapahinga sa dating
paanan ko.

Halika, lumapit ka sa akin.
Magpahinga ka sa kadungan ko.
Pagkat may lihim na dapat sabihin,
sa iyo at tanging sa iyo.

Ang tunay na hari ng kagubatan ay
nagmamahal sa lahat, malaki man o maliit.
Kaisa siya ng lahat dito sa mundong nag-iisang tahanan natin.

Tinitiyak niyang puno ng pag-ibig
ang mga binhi niyang alaga,
Nang ang bawat sisibol na bagong puno
ay mapuno ng buhay na sa langit mula.
Ngunit ang mga tutubo'y mga binhi lang na
mula sa mga puno kong matanda.
At pag-ibig ang bubuhay sa kanila.

Ngayon, buksan mo ang iyong palad, binibigay
ko sa iyo itong butil.
Nadarama ko ang pag-ibig sa iyong puso, at
marami pang dapat gawin!
Kailangan ng gubat ang tulong mo, kaya
magtanim ka ng isa o dalawang puno.
At kahit mahirap paniwalaan, may magandang
balita ako para sa iyo:
Ikaw any hari ng kagubatan ---
Oo, totoong totoo!

BATA: AKO AY HARI NG KAGUBATAN!

O, binhi ng pag-asa sa aking palad,
Sa'yo ko naaaninag ang bukas ng aming bayan.
Nakikita ko rin ang di iilang mga anak sa
sugatang mundong ating kinalalagyan ---
Nagmamahal sa lahat nang bagay, munti man o dakila,
Nabubuhay nang matiwasay, sa lahat nakiki-isa.

Di magtatagal, at ang ating mundo ay lalong gaganda,
Hitik na hitik sa mga punong hanggang sa abot-tanaw makikita.
Kung kailangan man ng isang daang taon,
maghihintay ako nang matiyaga,
Sapagkat balang araw, malapit na, matutupad
din ang lahat ng inaasa…